

# Ano ang pagsusuri ng kanser?

## Ang pagsusuri ay isang mahalagang bahagi ng pangangalaga sa iyong kalusugan



Kasali sa pagsusuri ng kanser ang simpleng pagsuri na naghahanap ng mga maagang palatandaan ng kanser o ang mga kondisyon na sanhi ng kanser. Ang pagsusuring screening ay nakakahanap ng kanser bago mo makita o maramdaman ang anumang mga pagbabago sa iyong katawan. Kung malaman mo nang maaga ang pagkakaroon ng kanser, mas madali ang matagumpay na pagkakagamot nito.

Sa Australya, may tatlong pambansang programa ng pagsusuri. Ito ang para sa mga kanser sa suso, bituka at matris (cervix).



### Pagsusuri sa suso



Ang kanser sa suso ang pinakapangkaraniwang kanser ng mga babae

- Ang mga babaeng may edad na 50–74 na taon ay dapat na magpa-mammogram (tinatawag ding breast x-ray) kada dalawang taon.
- Ang mammogram ang pinakamahasag na paraan upang malaman kung may kanser sa suso bago ito makita o maramdaman.
- Mahalaga na lahat ng mga babaeng may edad na 50–74 na taon ay masuri, dahil karamihan sa mga babaeng nadiyagnosis na may kanser sa suso ay walang kasaysayan ng kanser sa pamilya.
- Ang mga mammogram na gagawin ng BreastScreen NSW ay **libre**. Hindi kinailangan ang rekomendasyon (referral) ng doktor.



### Ano ang gagawin:

- Upang magkaroon ng appointment, tumawag sa **13 20 50** o bumisita sa [book.breastscreen.nsw.gov.au](http://book.breastscreen.nsw.gov.au)
- Tumawag sa **13 14 50** upang kausapin ang isang interpreter.
- Para sa karagdagang impormasyon sa ibang mga wika, bisitahin ang [breastscreen.nsw.gov.au](http://breastscreen.nsw.gov.au)



### Pagsusuri sa bituka



May 9 sa bawat 10 na may kanser sa bituka ang nagagamot kung maagang malaman

- Ang mga lalake at babaeng may edad na 50–74 na taon na may Medicare o Department of Veterans Affairs card ay pinadadalhan sa koreo ng isang **libreng** pakete sa pagsusuri ng kanser sa bituka kada dalawang taon.
- Ang pagsusuri ng kanser sa bituka ay maaaring makapagligtas ng iyong buhay, dahil ito ang pinakamahasag na paraan na maagang malaman kung may kanser sa bituka.
- Ang pagsusuri ng kanser sa bituka ay madali at simpleng gawin mismo sa iyong bahay.



### Ano ang gagawin:

- Gamitin ang iyong pakete sa pagsusuri ng bituka kapag dumating sa koreo
- Bisitahin ang [dothetest.com.au](http://dothetest.com.au) upang malaman kung kailan maipapadala sa iyo ang susunod na pakete ng pagsusuri.
- Tumawag sa **1800 627 701** para sa ibang mga katanungan.
- Tumawag sa **13 14 50** upang makausap ang isang interpreter.
- Para sa karagdagang impormasyon sa ibang mga wika, bisitahin ang [health.gov.au/resources/translated](http://health.gov.au/resources/translated)



### Pagsusuri sa Matris



Ang pagsusuri sa matris ay makapaghadlang sa pagkakaroon ng kanser sa matris

- Ang mga babaeng may edad na 25–74 na taon ay kailangang magpapasuri sa matris kada limang taon.
- Maaaring magpalista para sa pagsusuri sa matris (Cervical Screening Test) sa iyong lokal na doktor o nars.
- May mga doktor na nagbibigay nito ng **libre**. Maaari mong itanong ang tungkol sa pagbabayad kung nagpapalista ng appointment.
- Ang kanser sa matris ay maaaring maiwasan sa pamamagitan ng Pagpapasuri sa Matris (Cervical Screening Test). Ito ay paghahanap sa isang impeksyong tinatawag na human papillomavirus (HPV), na nagiging sanhi ng kanser sa matris.



### Ano ang gagawin:

- Tumawag sa **1800 627 701** upang malaman kung kailan ka Magpapasuri sa Matris (Cervical Screening Test).
- Magpalista para sa isang appointment sa doktor o nars. Maaari kang humingi ng babaeng doktora o nars na gagawa ng pagsusuri.
- Tumawag sa **13 14 50** upang makausap ang isang interpreter.
- Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [cancer.nsw.gov.au/cervical](http://cancer.nsw.gov.au/cervical) o [cancerscreening.gov.au/cervical](http://cancerscreening.gov.au/cervical)